

Ang Plano ng Ontario sa Edukasyon upang Tulungan ang mga Mag-aaral na Makahabol

Alamin kung ano ang maaasahan para sa taon na bukas ang mga paaralan o school year na 2022–23 upang matulungan ang mga mag-aaral na makahabol sa pag-aaral, maghanda para sa mga trabaho sa hinaharap at suportahan ang kanilang kalusugang pangkatawan at pangkaisipan.

Sa pahinang ito

1. Maghanda para sa school year na 2022-23
2. Nasa oras ang pagbalik sa klase
3. Bagong mga suporta sa pagtuturo
4. Paghahanda para sa mga trabaho sa hinaharap
5. Higit pang salapi para magpatayo ng mga paaralan at mapabuti ang edukasyon
6. Mga suporta sa kalusugan ng isip
7. Ang pahinang ito sa ibang mga wika

Maghanda para sa school year na 2022– 23

Naging mahirap ang pandemyang COVID-19 sa mga bata, magulang at tagapag-alaga, dahil natutunan ng mga mag-aaral mula sa bahay na tumulong na mapabagal ang pagkalat ng virus.

Pagkatapos ng dalawang taon ng pagkagambala, mayroon kaming plano para sa mga mag-aaral na makahabol, kabilang ang:

- ibalik ang mga bata sa klase sa Setyembre, nang nasa oras, na may buong karanasan sa paaralan na may kasamang mga extra curricular tulad ng mga club, banda at field trip

- pagpapalawak ng mga suporta sa pagtuturo upang punan ang mga kakulangan sa pag-aaral
- pagtuturo sa mga mag-aaral ng mga kasanayang kailangan nila para sa mga trabaho sa kinabukasan
- mas maraming salapi para makapagtayo ng mga paaralan at mapabuti ang edukasyon
- pagtulong sa mga mag-aaral sa kanilang kalusugang pangkaisipan na may pinalawak na suporta

Itinatampok ng pahinang ito ang mga pangunahing elemento ng plano at mga aksyon na ginagawa namin upang matulungan ang mga mag-aaral na makahabol.

I-download ang buong plano

Nasa panahon ang pagbalik sa klase

Wala nang mas mahalaga pa kaysa ibalik ang mga mag-aaral sa klase, nang nasa oras, na may buong karanasan sa paaralan. Nangangahulugan na kayo at ang inyong anak ay maaaring umasa sa mga extracurricular na aktibidad tulad ng sports, banda at mga field trip.

Maaari pa rin ang malayuang pag-aaral o remote learning kung pipiliin niyo at ng inyong pamilya ang opsyong iyon.

Bagong mga suporta sa pagtuturo

Tinitiyak namin na ang mga mag-aaral ay may karagdagang tulong na kailangan nila upang makahabol sa pamamagitan ng pagpapabuti ng kanilang mga kasanayan sa pagbabasa at matematika.

Magrehistro para sa isang programa sa pagtuturo

Makipag-ugnayan sa inyong paaralan o lupon ng paaralan upang malaman ang tungkol sa libreng tulong sa pagtuturo sa habang may klase o pagkatapos ng klase, sa katapusan ng linggo at sa tag-araw. Pinopondohan namin ang mga programang ito upang makatulong na punan ang mga kakulangan sa pag-aaral at palakasin ang mga kasanayan sa pagbasa at matematika.

Subukan ang online na pagtuturo

Ang mga mag-aaral sa Baitang (Grade) 4 hanggang 11 ay maaaring makakuha ng libreng pagtuturo sa matematika gamit ang Mathify. Ang mga mag-aaral sa Baitang 1 hanggang 12 sa mga paaralang French-language ay maaaring gumamit ng Eurêka para sa tulong sa lahat ng mga paksa. Ang parehong mga serbisyong ito ay ibinibigay ng mga sertipikadong guro.

Espesyal na edukasyon

Patuloy kaming makikipagtulungan sa mga lupon ng paaralan upang matiyak na ang mga mag-aaral na may mga pangangailangan sa espesyal na edukasyon ay may mga suporta sa pag-aaral na kailangan nila. Alamin ang tungkol sa espesyal na edukasyon.

Paghahanda para sa mga trabaho sa kinabukasan

Ang curriculum ng paaralan ay nagtuturo sa mga mag-aaral ng mga kasanayang kailangan nila upang maghanda para sa mga trabaho sa kinabukasan.

Mga trabahong nangangailangan ng kasanayan o skilled trades

Alam niyo ba na sa 2025, isa sa bawat limang trabaho ay nasa skilled trades? Patuloy naming ia-update ang curriculum para magkaroon ng pagkakataon ang mga mag-aaral na matutunan ang mga kasanayang kailangan nila para sa mga kapakipakinabang na karera sa mga trades. Alamin ang tungkol sa mga programa sa paaralan na makakatulong sa mga mag-aaral na tuklasin ang mga skilled trade.

Coding

Sa aming na-update na curriculum, ang mga mag-aaral ay natututo at nag-aaplay ng mga kasanayan sa coding sa Grade 1 hanggang 8 math curriculum, Grade 9 math curriculum, Grade 1 hanggang 8 science and technology curriculum at Grade 9 science course. Maaaring gamitin ng mga mag-aaral ang mga kasanayang ito upang mapabuti ang mga kasanayan sa paglutas ng problema at maging mas komportable sa teknolohiya.

Agham o Science, teknolohiya, engineering at matematika

Mas nakatuon kami sa agham o science, teknolohiya, engineering at matematika (STEM). Sa taong ito, natutunan ng mga mag-aaral sa Baitang (Grade) 1 hanggang 8 ang binagong kurikulum ng agham at teknolohiya at ang mga mag-aaral sa Baitang 9 ay sisimulan ang de-streamed na kursong agham. Ang mga mag-aaral ay matututo at gagamit ng mga kasanayan sa totoong buhay para sa mga trabaho sa lumalagong mga lugar ng ekonomiya.

Higit pang salapi para magpatayo ng mga paaralan at mapabuti ang edukasyon

Walang halaga ang mga silid-aralan kung walang mga de-kalidad na tagapagturo. Upang suportahan ang mga mag-aaral na may mas magagandang paaralan at mataas na kalidad na edukasyon, kami ay:

- uupa ng 3,000 pang kawani sa mga paaralan, kabilang ang mga guro, tagapagturo ng maagang pagkabata at mga katulong na pang-edukasyon
- namumuhunan ng \$14 bilyon para magtayo ng mga makabagong paaralan at silid-aralan
- magbibigay sa mga guro, tagapagturo at kawani ng paaralan ng patas at makatwirang pagtaas ng sahod
- mag-a-update ng mga kasanayan sa pag-upa upang makasapat sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral

Mga suporta sa kalusugan ng isip

Daan-daang manggagawa sa kalusugan ng isip ang nasa mga paaralan na ngayon upang tulungan ang mga mag-aaral sa kanilang kagalingan ng isip. Makipag-ugnayan sa punong-guro ng inyong anak upang malaman ang tungkol sa mga serbisyo sa kalusugan ng isip sa paaralan ng inyong anak.

Basahin ang plano upang bumuo ng sistema ang probinsya sa kalusugan ng isip at pagkagumon o addiction, ang Mapa ng daan sa Kabutihan ng Ontario (Ontario's Roadmap to Wellness). Namumuhunan kami ng \$3.8 bilyon sa loob ng 10 taon upang palawakin at pagbutihin ang pag-access sa mga suporta sa kalusugan ng isip sa mga komunidad sa buong lalawigan, kabilang ang para sa mga kabataan.

Mga programa at serbisyo para sa mga mag-aaral at kabataan

- Maghanap ng mga programa at serbisyo sa kalusugan ng isip para sa mga bata at kabataan hanggang sa edad na 18.

- Kumuha ng mga kasangkapan upang suportahan ang kalusugan ng isip ng mag-aaral sa panahon ng COVID-19.
- I-access ang kalusugan ng isip, mga serbisyo sa addiction, edukasyon, at mga serbisyo sa pagtatrabaho sa isang youth wellness hub.
- Maghanap ng mga mapagkukunan at webinar para sa mga estudyante ng LGBTQI2S.

Libreng helpline para sa mga mag-aaral

Ang mga mag-aaral ay maaaring tumawag sa isang helpline upang makipag-usap sa isang propesyonal na tagapayo. Ang mga helpline na ito ay libre, di-kilala o anonymous, kumpidensyal, at handang tumulong 24 oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

- Maaaring tawagan ng mga bata at kabataan ang Kids Help Phone sa Toll-free: 1-800-668-6868
- Ang mag-aaral na nakapagtapos ng mataas na paaralan o Postsecondary ay maaaring tumawag sa Good2Talk at Toll-free: 1-866-925-5454